# Labada

Si Lita ay nagpunta sa sapa. May dala-dala siyang mga labada. Bitbit din niya ang sabon at tabla. Sa sapa siya maglalaba.



Ms. Oli
FUN TEACHER FILES

# Alaga Ko

Ako ay may alagang pusa. Ito ay mabait at malambing. Masipag ang aking alaga. Palagi itong may nahuhuli na mga daga.



Ms. Oli
FUN TEACHER FILES

# Handaan

May handaan kina Sita. Kaarawan ng kaniyang kuya. May puto, suman, pansit, adobo at kaldereta. May litson din na nakahain sa mesa.



Ms. Oli
FT FUN TEACHER FILES

# Regalo

Maligaya si Nena. Ngayon ay araw ng kaniyang pagtatatapos sa ika-anim na baitang. Maraming bumati kay Nena. Marami rin siyang regalong natanggap.




Ms. Oli

FUN TEACHER FILES

# Aking Ina

Ang aking ina ay napakabuti. Siya ay maalalahanin at masipag. Masarap siyang magluto ng iba't-ibang putahe. Bilib ako sa aking ina.



Ms. Oli
FUN TEACHER FILES

# Aking Guro

Ang guro ko ay masipag. Siya ang nagtuturo sa akin na bumasa at sumulat. Lagi rin niya kaming pinaaalalahanan na maging mabuti sa lahat ng oras.



Ms. Oli

FT FUN TEACHER FILES